Martilyo

Gloc-9

Dito sa amin kung san nang galing
Mga makatang ulam at kanin
Lamang ang bayad pero pumapayag
Upang masubukan at mapatunayan...

Lagi mong tatandaan
Ganito lamang ang dapat na ginagawa mo
Huwag mong palalampasin ang pagkakataon
Kailangang pukpokin ang pako para bumaon

Narito nang muli ang isang taong
Di nag atubili na aking mabago ang
Yong pag tingin sa mga taong humahawak ng
Mikropono kahit maputik ay humahakbang
Lumalakas sa bawat pawis na pumapatak
Bawat tunog ng palakpak saki'y tumatatak
Pero di tumataas aking mga paa
Nakatungtong sa lupa dahil alam ko na
Ako'y nasa Pinas may pila sa bigas
Ilan lang ang sikat na bulsa'y di butas
Para di mautas dapat ay matigas
Ang yong mukha kahit pano'y matikman ang
Katas ng ubas ang problema'y lutas
May maayos na tela maong di kupas
Ang sabi mo sakin ay hindi ko na makakaya
Pang habulin mga pangarap
Ay ipunin At pagkatapos Ay higupin

Higupin ng higupin
Parang baso na may yelo
Ilan pa bang salita ang dapat kong banggitin
Na laging bumobwelo
Bueno
Yaman din lamang na kayo'y narito na
Sige pakinggan ang bagong nasulat kong
Kanta. HOY!

Lagi mong tatandaan
Ganito lamang ang dapat na ginagawa mo
Huwag mong palalampasin ang pagkakataon
Kailangang pukpukin ang pako para bumaon
Hindi mo kayang pigilan
Hindi mo kayang galusan
Ang puso kong balot ng bakal
Na patuloy (patuloy)
Sa pag tibok

Humihinga kahit amoy bulok
Walang tigil sa pag subok
Kahit parang gabuhok
Lang ang posibilidad
Mula sa murang edad
Sa pawis laging babad
Kumakayod sa syudad
Akinse o atrenta
Kilo o delata
Kanin na mas mura pa

Ang CD na pirata
Ng bata na si Pollisco
Si Gloc ba kamo mismo
Bawat plema ng pangungutya ay tiniis ko

Listo pa rin kahit na inaantok
Baka may mapanaginipan akong kanta na patok
Sa masa na para bang ito'y nag sisilbing pang lunas
Di maalis parang sibuyas kahit na ika'y mag
Hugas ng kamay
Gamit ang baretang sabon ni inay
Bawat salitang ginagamit ang isip moy tinatangay
Ng tula ko tandaan wala pang nagbabago
Kapag pinalo ng martilyo lulubog ang pako. (Ang pako)

Dito sa amin kung san nang galing
Mga makatang ulam at kanin
Lamang ang bayad pero pumapayag
Upang masubukan at mapatunayan

Lagi mong tatandaan
Ganito lamang ang dapat na ginagawa mo
Huwag mong palalampasin ang
Pagkakataon
Kailangang pukpokin ang pako para bumaon

Tištěno z pisnicky-akordy.cz Sponzor: www.srovnavac.cz - vyberte si pojištění online!